

Paglalatag ng Karanasan ng mga Guro sa Implementasyon ng Online Distance Learning (ODL) at Modular Distance Learning (MDL)

Asia Pacific Journal of
Management and
Sustainable Development
Vol. 10, No. 3, pp. 140-149
September 2022
Lumina Special Issue
ISSN 2782-8557

Felisa D. Marbella, PhD¹ and Gerry A. Carretero, EdD²

Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon¹,

Paaralang Gradwado, Lungsod Sorsogon²

felymarbella03@gmail.com¹, gerrycarretero@yahoo.com²

Date Received: November 13, 2021 ; Date Revised: January 20, 2022

Abstrak- Layunin sa pag-aaral na ito na mailatag ang mga naging karanasan ng mga guro sa isinagawang implementasyon ng Online Distance Learning (ODL) at Modular Distance Learning (MDL). Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng pamamaraang deskriptib-analisis. Pangunahing pinagkuhanan ng datos ay mula sa isinulat na kuwento ng mga guro sa kanilang naging karanasan sa pagtuturo. Partisipant dito ang mga gurong nagtuturo gamit ang ODL at MDL na paraan. Random sampling ang ginamit na paraan sa pagtukoy ng mga respondent mula sa elementarya, sekundarya, kolehiyo, at paaralang gradwado. Gumamit din ng talatanungan para matukoy ang mga kailangang datos at nagsagawa rin ng unstructured na pakikipanayam. Inanalisa ang mga kasagutan para matukoy ang angkop na kasagutan sa mga katanungang inilahad.

Natuklasan na sa isinagawang implementasyon ng Online Distance Learning (ODL) at Modular Distance Learning (MDL) na iba-iba ang mga naging karanasan ng mga guro sa pagtuturo gamit ang online distance learning (ODL) at modular distance learning (MDL). Malaki ang naging epekto sa pagtuturo ng kanilang mga naging karanasan habang ginamit ang learning modalities na ODL at MDL. Sa ODL, naging hamon sa kanilang pagtuturo ang hirap umangkop sa pagbabago, teknikal isyu, literasi sa kompyuter, pamamahala ng oras, at pagganyak sa sarili samantalang sa MDL ang mga hamon ay hindi o walang printed materials, kakulangan ng resources para sa pag-print ng modyul, dagdag na oras sa paghahanda ng materyal, hindi pagkuha at pagbalik ng modyul sa tamang oras, risky para sa home visitation na ginagawa, mayroon ng answers key, at pagwawasto ng maraming modyul. Inirekomenda ang masigasig na pagsasanay sa mga gurong nagtuturo gamit ang iba't ibang modalities. Patuloy na itaguyod ang kalagayan ng mga guro sa suporta at pag-unawa mula sa administrasyon na paaralan at lalo't higit sa pamahalaan. Maglaan ng malaking pondo ang pamahalaan nasyonal at lokal sa pagbili ng mga desktop, laptop at mobile devices para sa mga estudyante at guro. Maglaan din ng pondo para sa training ng mga guro para pagsamahin ang edukasyon at pagkagiliw sa pagdidisenyo ng mga programa sa online at modular learning.

Mga susing salita: implementasyon (implementation), karanasan (experiences), modular distance learning, paglalatag (laying), online distance learning

Panimula

Ang pagtuturo gamit ang iba't ibang pamamaraan ay may epekto sa pagkatuto ng mag-aaral. Upang maging mabisa at mabilis ang pagkatuto, kinakailangan ang paggamit ng mabubuting pamamaraan ng pagtuturo sapagkat nakabatay sa mabuting paraan ng pagtuturo ang matagumpay, kawili-wili, at mabisang pagkatuto ng mag-aaral. Ibig sabihin, lubos na mauunawaan ng mga mag-aaral ang pinag-aaralan kapag ang pagtuturo-pagkatuto ay naiintindihan at naisasabuhay.

Sa kasulukyang panahon, ang pagtuturo-pagkatuto ay humaharap sa isang napakalaking hamon.

Isa sa apektadong sektor ng pamahalaan bunga ng pandemyang kinakaharap dulot ng COVID-19 ay ang sektor ng edukasyon. Mula sa naging ulat ni Aguilar, batay sa inilabas na datos ng DepEd, sa taong panuruan 2020-2021, panibagong hamon ang kakaharapin ng mga kaguruan, mga magulang, at lalo na ang mga Pilipinong mag-aaral [1]. Ayon sa datos, may 24.63 milyong bata ang nakapagtala ngayong taon-22.44 milyon sa pampublikong paaralan samantalang 2.136 milyon naman sa pribadong paaralan. Marahil ito ay isa sa dahilan ito upang hindi kaagad nakapagbukas ng klase sa Pilipinas sa buwan na nakatakda. Sa kabila nito, naantala man ay sinikap pa rin na magbukas kahit hindi

maaaring gawin o limitado ang *face-to-face learning method*. Gayunpaman, sa hindi pagpayag ng *face-to-face*, nagkaroon ng iba't ibang *learning delivery modalities* sa pagpapatuloy ng edukasyon. Ang *distance learning* ay isang alternatibong paraan upang maipagpatuloy ang edukasyon ng mga mag-aaral. Maaari itong *online learning*, *modular distance learning*, *self-learning module*, *blended learning*, *home schooling*, at iba pa [2].

Online distance learning (ODL) at *modular distance learning* (MDL) ang paraan ng pag-aaral na ginamit ng karamihang elementarya at sekundaryang pampublikong paaralan [3]. Ayon kay Vercide, *online education* ang magiging daan upang matuto ang mga kabataan sa paggamit ng makabagong teknolohiya [4]. Magkakaroon sila ng oras upang tuklasin ang ilan sa mga bagong paraan ng tungo sa paglinang at pagkatuto ng mga kabataan sa bansa. Sa paraang ito hindi na kailangan ng mga kung ano-ano pang mga kagamitan, basta't may koneksiyon ka lamang sa internet ay maaari ka nang makibahagi sa talakayan sa mas mabilis na paraan.

Ang ODL ay ang pagtuturo ng guro at aktibong pakikilahok ng mag-aaral sa talakayan gamit ang iba't ibang uri ng teknolohiya habang sila ay pisikal na magkalayo. Ang internet ay gagamitin upang magkaroon ng komunikasyon sa pagitan ng guro't mag-aaral, at mag-aaral at kapuwa mag-aaral. Kailangan sa ODL ang maayos na koneksiyon sa internet ng guro at mga mag-aaral. Ang mag-aaral ay maaaring makapag-download ng kagamitan sa pagkatuto mula sa internet, maaari ring magawa at masagutan ang mga pagsusulit. Maaari ding magamit ang DepEd Commons at LR Portal sa ODL ayon sa DepEd.

Ayon sa Departamento ng Edukasyon, ang ODL ay ang pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang iba't ibang teknolohiya na may internet access. Maaaring gumamit ng mga *digital format* katulad ng mga CD, DVD, laptop, computer, at tablet. Sa pag-aaral gamit ang modality na ODL ay may benepisyong dulot tulad ng maaari kang mag-aaral na nasa loob ka lang ng bahay, nakakapamilya ka kahit saang bahagi ng inyong bahay gusto mong mamalagi, matatapos mo ang iyong digri kahit nasaan kang bahagi ng mundo at matipid ito dahil hindi ka gagastos ng malaki [5]. Isa sa mga paraan batay sa DepEd Order 12, s. 2020 o Adoption of the Basic Education Learning Continuity Plan for School Year 2020-2021 in the Light of the COVID-19 Public Health Emergency, sa ODL, ang mga guro ay magsisilbing tagapagdaloy pa rin ng

kaalaman gamit ang iba't ibang teknolohiya na magagamit lamang kapag may internet [6].

Samantala, sa MDL maaaring gumamit ng mga *printed module* o mga modyul na nasa *digital format* gaya ng CD, DVD, laptop, computer, tablet o smartphone ang mga guro at mag-aaral. Batay sa naging resulta ng sarbey ng Learning Enrollment and Survey Form (LESF), ang uring ito ng modality ang pinakamaginhawang paraan ng pagkakatuto para sa mga batang Pilipino. At gusto ito ng karamihang mga magulang at tagapag-alaga [7]. Sinuportahan din ito ng resulta ng sarbey na nagsasabi na mayoridad ng mga magulang ang gusto ang MDL para sa kanilang mga anak kaysa sa iba pang opsiyon na inilatag ngayong pasukan [8]. Dahil dito, ang mga guro ang mamahagi ng modyul sa mga mag-aaral. Inaasahan nila na ipapasa ang awtput sa huling araw ng linggo. Magkakaroon ng pag-momonitor ang mga guro lalo na sa mga mag-aaral na nahihirapan sa mga gawaing nakapaloob sa modyul. Sa naging ulat ni Datu, problemado kung sino ang gagabay sa mga bata sa pag-aaral gamit ang mga modyul gayong kahit ang magulang ay salat sa kaalaman [9]. Totoo nga ito at alam natin na ito ay isang problema na kinakaharap ngayon ng mga guro.

Ayon kay Bornt, mula sa teorya ni Moore, sinasabi na bagaman may kusang pagbatid ang mga mag-aaral sa *distance education*, may kakulangan pa rin sa kung paano ang kanilang nalalaman ay nagagamit nang wasto, nakontrol kung kinakailangan, at napalalawak pa ang aplikasyon sa iba't ibang posibleng larangan [10]. Nangangahulugan lamang ito na kailangan nating isaisip ang mabuti at masamang dulot ng *distance learning*. Bagaman may mga alternatibong paraan ng pag-aaral, ginagamit ng ilang paaralan, maituturing pa rin ang mga ito na isang bagong sistema sa kabuuan.

Binigyang pansin naman sa pag-aaral ni Longcop, ang pagbuo at pagtataya ng isang *multi-media-based module* para sa Asian Studies [11]. Dito iniisa-isa ang mga kasanayan at ang *multimedia* na kailangan ng mga mag-aaral para sa modyul ng K-12 Asian Studies. Gumamit ang mananaliksik ng modelo na ADDIE bilang pagdulog sa pagtuturo. Lumabas sa pag-aaral na angkop ang isang *multimedia-based modules* sa pagtuturo ng Asian Studies. Sa pag-aaral din ni Opina, nagsagawa ng isang eksperimental na pag-aaral ukol sa pagiging epektibo ng *Online Learning Module* na ginamit sa asignaturang Ingles sa Centro Escolar University [12]. Lumabas sa pag-aaral na epektibo ang paggamit ng ganitong modyul dahil sa integrasyon ng *virtual teaching* at *video conferencing*

study. Batay sa ginawang ebalwasyon ng mga mag-aaral, ito ay napakapektibo. Ang kinalabasan ng pag-aaral ay tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral na *millenial* na aktibo sa isang *social* at *media site*.

Sa mga pangyayaring ito dulot ng coronavirus disease magbabago ang paraan ng pagtuturo at pag-aaral ng mga estudyante. Sa naging panayam kay Educ. Undersecretary Diosdado San Antonio ipinaliwanag niya na magpapatupad ang kagawaran ng iba't ibang paraan para maihatid sa mga estudyante ang kanilang mga aralin sa darating na pasukan [13]. Nakadepende ito sa sitwasyong pangkalusugan ng isang lugar kung aling *learning delivery modality* ang ipapatupad ng mga paaralan doon. Ang mga nabanggit na kadahilan ang nag-udyok sa mga mananaliksik na malaman kung ito ba ay may naiiambag sa karanasan ng mga guro sa implementasyon ng ODL at MDL ngayong nakakaranas tayo ng kahirapan sa pagtuturo-pagkatuto ng ating mga mag-aaral.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin sa pag-aaral na ito na mailatag ang mga naging karanasan ng mga guro sa isinagawang implementasyon ng Online Distance Learning (ODL) at Modular Distance Learning (MDL) sa pagtuturo. Sinagot ang: 1) mga naging karanasan ng mga guro sa pagtuturo gamit ang ODL at MDL 2) paano nakaapekto sa pagtuturo ang kanilang mga naging karanasan 3) hamong kinakaharap ng mga guro batay sa ODL at MDL.

MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

Ang kuwalitatibong pag-aaral na ito ay ginamitan ng pamamaraang deskriptib-analisis. Inilarawan dito ang mga nabuong akda at inanalisa ito batay sa kailangang datos. Ang pangunahing pinagkuhanan ng datos ay mula sa isinulat na kuwento o salaysay ng mga guro sa kanilang naging karanasan sa pagtuturo. Partisipant dito ang mga gurong nagtuturo sa elementarya, sekondarya, kolehiyo at paaralang gradwado sa pampubliko at pribadong paaralan sa Sorsogon na gumagamit ng ODL at MDL na paraan sa pagtuturo. *Random sampling* ang ginamit na paraan sa pagtukoy ng 15 respondent sa bawat antas.

Gumamit din ng talatanungan para matukoy ang mga kailangang datos Nagsagawa rin ng *unstructured* na pakikipanayam sa mga respondent upang madagdagan ang kakailanganing mga datos. Inanalisa ang mga kasagutan para matukoy ang angkop na kasagutan sa mga katanungang inilalahad.

RESULTA AT PAGTALAKAY

Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo Gamit ang Online Distance Learning (ODL) at Modular Distance Learning (MDL)

Malinaw na inilalahad sa mga isinulat na akda ng mga respondent at maging sa pakikipanayam sa kanila ng mga mananaliksik ang kani-kanilang karanasan sa pagtuturo gamit ang ODL at MDL, ngayong bagong normal na edukasyon. May mga karanasang maganda't masaya, at mayroon ding malungkot. Subalit ayon nga kay Astillero, sa likod ng agam-agam at takot, batid niya na kailangang tumindig sa paghatid ng de-kalidad at ligtas na edukasyon sa panahon ng pandemya [14]. Positibo sa kilos at pananaw at hindi magtatagal at darating ang bagong umaga na ang paglilingkod ay naialay na walang nasakripisyong buhay.

A. Online Distance Learning

Sa ODL na paraan, ayon sa mga guro, lalo na ang mga bata pa sa serbisyong guro, maganda at masaya itong paraan ng pagtuturo dahil sa ito ay sumasabay sa modernisasyon kung saan nahihilig na ang kabataan sa paggamit ng mga teknolohiya at pag-iinternet. Patunay nito ang ulat ni Jalandoni, mas pinipili o walo (8) sa 10 bata ay gumagamit at mas pinipili ang internet kaysa sa panood ng telebisyon [15]. Kaugnay nito, kitang-kita ng mga guro ang motibasyon at interes ng mga mag-aaral sa kanilang *online class* dahil sa ito ay bago para sa kanila. Kahit paano ay ramdam dito ng mga guro at mag-aaral ang talakayan na parang sa *face-to-face* dahil mayroong interaksyon na nagaganap, at halos tagapagdaloy lamang ng kaalaman ang guro.

Masaya rin ang mga guro na nakatutuklas sila ng mga makabagong gawain na angkop na angkop at nakapupukaw ng interes ng kanilang mga mag-aaral. Nagbibigay ito sa kanila ng pagkakataong magkaroon ng realisasyon na bilang mga guro sa modernong panahon, kailangang makasabay din sa makabagong paraan ng pagbibigay at paglalata ng aralin, may pandemya man o wala.

Isa rin sa magandang karanasan sa *online learning* lalo na sa mga gurong nagtuturo sa elementarya sa pampribadong paaralan ay yaong nakikita nila ang buong pusong suporta ng mga magulang sa kanilang anak, kung saan ang iba ay talagang binilhan ang mga anak nila ng gadget, at sinikap na magkaroon ng koneksiyon sa internet na magagamit sa klase, binilhan din ng mesa at may lugar na inilagay para sa pag-o-online class ng kanilang mga anak. Ayon sa mga gurong nakausap, nakatataba ng pusong makita na palaging handang suportahan ng mga

magulang ang kanilang anak sa pag-aaral maging sa panahon ng pandemya.

Sa kabilang banda, may malungkot ding karanasan sa ODL dahil sa hindi lahat ng mga mag-aaral ay nakadadalo rito, dahil sa ang iba ay may problema sa koneksiyon ng internet o dili kaya ay walang gadget na magagamit. Ayon sa mga respondent, minsan ay ilang minuto na ang nakalipas ay wala pa sa kalahati ng inaasahang bilang ng mag-aaral ang nasa klase, subalit kinakailangang nilang ipagpatuloy ang klase alang-alang naman doon sa mga batang nagsikap para makapag-online.

B. Modular Distance Learning

Pagdating naman sa MDL, kung saan may tinatawag na *printed modular* –yaong nakaprint at *digital modular* naman ay ibinibigay sa mag-aaral o magulang ang *soft copy* ng mga modyul. Katulad ng sa ODL, masayang karanasan para sa mga guro na makitang nandoon ang suporta ng mga magulang sa kanilang mga anak. Kung sa ODL ay naranasan ng mga gurong hindi lahat ay nakadadalo sa klase, sa MDL ay mayroon ding mga magulang na hindi kumukuha ng modyul ng kanilang anak, at bilang aksiyon ng guro sa suliraning ito, pinupuntahan na lamang nila ang bahay upang ihatid ang mga modyul ng bata.

Samantala, sa ganitong paraan ng pagkatuto, hindi lamang suporta ng magulang ang makikita kundi maging ng mga opisyaes ng barangay. May ilang paaralan na ang mga guro mismo ang nagdadala sa barangay ng mga mag-aaral at katuwang nila ang mga opisyal sa pamimigay ng modyul. Ayon sa mga nakausap ng mga mananaliksik ganito ang teknik na ginagamit, kahit minsan ay hindi sila nakaranas ng hindi maganda sa mga opisyal ng barangay, ramdam na ramdam nila ang suporta ng mga ito sa edukasyon ng mga kabataang kanilang nasasakupan. May pagkakaton pang sinasamahan sila ng opisyaes sa paghahatid ng modyul doon sa mga batang hindi pumunta ang magulang sa barangay hall.

Ang ginagawang ito ng mga opisyaes ng barangay ay bilang pagsuporta at tugon sa hikayat sa kanila ng tagapagsalita ng DILG na si Undersecretary Jonathan Malaya, na tumulong sa mga pampublikong paaralan ngayong bagong normal [16]. Kasama sa maaari nilang gawin ay ang tulungan ang mga paaralan sa paghahatid at pagsasauli ng mga nakalimbag na modyul mula sa mga tirahan ng mga mag-aaral.

Epekto sa Pagtuturo Batay sa Naging Karanasan

Hangad ng lahat ng guro ang ganap at buong pagkatuto ng kanilang mga mag-aaral sa lahat ng aralin

at malinang sa mga ito ang kinakailangang matamong kompetensi. Sa pagkakataong ito, napakalaki ng epekto ng pandemyang covid-19 sa pagtuturo ng mga guro, kung saan ang pinakagamiting paraan ng pagtuturo-pagkatuto ay ODL at MDL. Sa mga karanasang inilahad ng mga guro, lumabas dito na hindi lahat ng mag-aaral ay nakasasabay sa *online class*, at hindi lahat ay nakapapasok sa takdang oras o dili kaya ay biglang nawawala sa kalagitnaan ng klase dahil sa mabagal na signal ng internet. Bunga nito, nagkakaroon ng pagkaantala sa pagsisimula ng klase dahil sa hinihintay pa nilang makapasok ang lahat bago magsimula, subalit minsan ilang minuto na ang nakalipas ay wala pa rin, kung kaya't nag-uumpisa na ang guro sa pagtalakay. Dahil na rin sa hina ng signal ng internet, minsan ay hindi nagiging malinaw ang sinasabi ng guro sapagkat paputol-putol ang boses nito. Dahil rin sa mga ganitong pagkakataon, hindi naisasakatuparan ng mga guro ang lahat ng kanilang nakaplanong gawain dahil sa hindi nila hawak ang buong maghapon ng mga mag-aaral sapagkat mayroon pang ibang asignaturang susunod.

Pagdating naman sa modular na paraan, wala ritong nagaganap na pagtalakay sa pagitan ng guro at mag-aaral, maliban na lamang kung maabutan ng guro sa kaniyang pagbisita sa tahanan ang mag-aaral na sumasagot ng asignaturang tinuturuan niya. Ayon sa gurong nakapanayam, hangad man niyang makaharap lahat ng kaniyang mag-aaral na nasa modular upang higit na maipaliwanag sa mga ito ang aralin, hindi niya magawa dahil sa natatakot din siya na baka siya pa ang magdala ng virus sa mga bata, lalo't kung saan-saan din siya nakakarating. Hindi rin niya magawa o maiiplay sa mga mag-aaral na ito ang *online class* dahil sa karamihan sa kanila ay nahihirapan sa pagkonekta sa internet, ang iba naman ay walang magagamit na gadget para rito at kasama na rin ang pantustos para sa internet. Sinabi nga sa panulat ni Gunigundo, may dalawang puna ang mga nangangamba na hindi magtatagumpay ang *online learning* sa Pilipinas: una, mabagal ang internet sa Pilipinas, at pangalawa, maiiwanan ang mga mahihirap sa bagong normal sa edukasyon [17].

Ito pa ang ilang epekto sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng *online* at *modular* na paraan:

“Ako sa totoo lang nagpatutor ako sa aking mga anak kasi hindi ako matibay sa kompyuter, di ko aram kung ano pipindotin kung may gagawin ako. Kaya talagang nahirapan ako.”

“Ako po kasi nahihirapan ako na lahat ng klase ko present lahat. Gawa ng hindi mo naman pwedeng mag-istrikto sa oras dahil iba-iba nga ang rason. So, sa akin

sayang ng mga oras na hindi makapasok ang mga bata sa online class ko.”

“Ang problema nito ang sumasagot sa modyul ay hindi naman ang estudyante ko. Mapapansin mo pagbalik ng module iba-iba ang penmanship na makikita. Meaning iba ang gumawa ng isa, iba naman ang isa. So, paano ito, sino ang bibigyan ko ng grades.”

“Sa karanasan ko, hirap ako na kontakin lahat ang estudyante ko. Minsan pati hindi ako tinutulungan ng magulang. Kaya gusto ko mang tulongan di ko magawa.”

Sa pagkakataong ganito ang sistema ng pag-aaral higit na dapat magtulongan ang guro at magulang. Ayon kay Kaufman, napakahalaga ng pagkakaroon ng magandang ugnayan sa mga mag-aaral at magulang lalo na ngayon sa *distance learning* upang higit mo silang makilala at nang makagawa ng magandang hakbang kung paano sila higit na magagabayan [18].

Hamong Kinakaharap ng mga Guro Gamit ang Online Distance Learning (ODL) at Modular Distance Learning (MDL)

Batay sa naging pakikipanayam ng mga mananaliksik sa mga gurong nagtuturo gamit ang *online* at *modular distance learning modality*, narito ang kanilang mga nakitang hamong nararanasan sa kanilang pagtuturo:

A. Online Distance Learning (ODL)

Marami ang hamong kinahaharap ng mga guro sa kasalukuyag estado at paraan ng pagtuturo-pagkatuto. Batay sa resulta ng pakikipanayam, lumabas ang mga sumususnod na hamong kinahaharap ng mga guro gamit ang ODL.

Hirap umangkop sa pagbabago

Paano nila babaguhin ang dating nakagawiang tradisyonal na paraan ng pagtuturo sa loob ng isang silid-aralan na kung saan *face to face* na tinuturuan ang kanilang mga mag-aaral at magiging birtuwal na klasrum ngayon. Ang paraang ito ay ibang-iba sa nakasanayang gawain ng mga guro. Kung kaya’t para sa kanila, napakalaking hamon ito sa pagtuturo-pagkatuto.

Narito ang ilang pahayag ng mga guro:

Guro 1. “Ano ba yan! Sanay na ako sa pisara at tsok tapos ngayon gagamitin ko laptop. Paano ko ‘yon gagawin.’ Di ako naman ako marunong”

Guro 2. “Hindi ko ‘ata alam kung papaano gagawin ang mga pagsasanay dito sa online. Hindi ako marunong ng mga aps ng isang gadget.”

Guro 3. “Ang mabuti nito magretire na lang ako kasi mag-aaral na naman ako nito. Di ko na kaya. Dagdag na hirap ito sa akin ang mata ko pati malabo na, apat na mata na nga.”

Teknikal isyu

Hindi lahat ay may malakas na *internet connection* sa bahay o sa paaralan man. Nahihirapan ang mga guro na gawin ang *online class* dahil sa paiba-ibang isyung teknikal. Nariyan ang mahina o mabagal na internet, pawala-walang boses, hindi kaagad makapag-umpisa ng klase dahil may ilan pang mga mag-aaral na hindi pa makapasok sa *zoom meeting* o *google meet*. Kawalan ng gadget na magagamit ng ilang mag-aaral at badget pang-load, at ang biglaang pagkawala o ang nakaiskedyul na pansamantalang pagkawala ng suplay ng kuryente. Ito ay ilan lamang sa problemang nararanasan ng mga gurong nagtuturo gamit ang *online platform*.

Hindi maitatangi na sa ating bansa ay napakahina ng koneksiyon ng internet, patunay dito ang iniulat sa pahayagang, Pilipino Star Ngayon, isang internet *monitoring firm* ang nagsabing ang Pilipinas ang may pinakamabagal na internet sa buong mundo [19].

Kaugnay sa suliraning ito na ramdam ng mga guro at mag-aaral sa buong Pilipinas, sinabi ni Education Undersecretary Nepomuceno Malaluan ayon sa ulat ni Romero, na pandagdag lamang ang *online class* sa *modular* na paraan ng pagkatuto [20]. Dagdag pa niya, kinakailangang makausap pa rin ng mga guro ang mga mag-aaral na may problema sa pagkonekta sa *online class* sa pamamagitan ng *text*, tawag, at *messenger*.

Sa ganitong sitwasyon ayon kay Senador Win Gatchalian, na inilathala ni Paunan, hindi maaaring piling mag-load o bumili ng gadget ang mga mag-aaral, lalo pa’t ayon sa kaniya, napakaraming mga pampublikong paaralan sa ating bansa kung saan dito nag-aaral ang mga mahihirap [21]. Nangangahulugan kung gayon na sa ganitong mga pagkakataon, tungkulin ng guro na gumawa ng paraan at interbensiyon upang makasabay sa aralin ang mga mag-aaral na walang gadget o hindi makapag-online.

Literasi sa kompyuter

Ang kakulangan ng pag-unawa sa paggamit ng kompyuter o ibang gadget tulad ng laptop ay isa sa pangunahing isyu ng mga guro sa ngayon. Ang simpleng paggawa ng basikong programa tulad ng *Microsoft Word* at *PowerPoint* ay hindi magawa kung

kaya't resulta nito ay hindi nila magawang gawin ang dokumento o hanapin kaya ito. Maraming guro ang hirap sa paggamit ng kompyuter lalo na ang mga may edad ng guro.

Ayon sa ilang gurong nakapanayam na medyo may katagalan na sa serbisyo at hindi gaanong nakaagapay sa ganitong sistema ng edukasyon sa kasalukuyan, nais naman niyang matuto at maging bihasa sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo, subalit ang nagiging problema niya ay ang kaniyang mata na hindi na kaya ang pangmatagalan na paggamit ng kompyuter. May nagsabi namang kahit paano ay marunong siyang gumamit ng *Microsoft Word* at gumawa ng report gamit ito. Ang problema niya ay pag-ayos ng kaniyang kagamitang biswal gamit ang powerpoint, ang paggamit ng zoom, at ibang pang *online platform* na ginagamit sa birtuwal na pagtuturo dahil sa hindi na niya talaga kayang gumamit nito, maliban kung nandoon ang kaniyang anak na tumutulong sa kaniya.

Pamamahala ng oras

Mangilan-ngilan ang mga *online platform* na maaaring gamitin ng mga guro sa kanilang *online class*, subalit hindi lahat ay libre, mayroon namang libre ngunit limitado lamang ang oras sa paggamit nito, at hindi rin lahat ng mag-aaral ay *unlimited* ang internet. Sa ganitong sitwasyon, kailangang masunod ang itinakdang oras, subalit may mga pagkakataon na kulang na ang oras na nagagamit sa talakayan dahil sa ilang mga suliraning kinahaharap sa oras ng *online class*, at nangunguna rito ay ang mabagal na koneksiyon sa internet.

Samantala, sa *modular* na paraan naman, ayon sa isang gurong nakausap, may mag-aaral siya na nasa *e-module* dahil ang bata ay naka-enrol dito subalit nandoon ito sa Maynila namamalagi ngayon kung kaya't ginawan ito ng group chat kasama ang mga guro nito. Ang ganitong sistema ay madaling gawin dahil madali lamang ang igugugol na oras sa pagpapadala ng mga modyul, katulad ng sa *printed*. Ang kaunting suliranin lamang dito ay ang hindi pagpasa ng mag-aaral ng mga sagot at awtput sa itinakdang araw ng pasahan. Sa pagtatanong sa isang mag-aaral dito, sinabi niyang walang kuryente doon sa islang pinuntahan niya at sa generator lamang umaasa ng suplay ng kuryente, kung kaya't minsan lamang siya makabukas ng kaniyang *messenger*, dahilan upang hindi siya agad makapag-download ng kaniyang *activity sheets* at makapagpasa ng kaniyang mga sagot. Samantala, ayon pa rin sa nanay na ang anak ay nasa *e-module* rin, minsan ay nakikita

niyang *stress* ang kaniyang anak sa mga modyul, kaya ipinapasyal muna niya ito at pinapahingaha sa pagsagot, kung kaya't minsan ay huli ito sa pagpasa ng mga sagot at awtput.

Pagganyak sa sarili

Ngayong bagong normal na edukasyon dahil sa panahon ng pandemya, hindi maitatangging kahit pagod at puyat na ang mga guro sa paghahanda ng kanilang ibabahaging kaalaman at aralin sa mga mag-aaral kung saan kahit oras na para sa kanilang mga pamilya ay iginugugol pa sa mga gawaing pampaaralan na kailangang tapusin, hindi pa rin nawawala ang kanilang motibasyon sa pagtuturo. Kahit na may mga ilang hadlang lalo na ang *internet connection*, ay patuloy pa rin ang kanilang pagtuturo. Kaniya-kaniyang istilo at diskarte upang maituro at maibahagi sa mga mag-aaral ang kompetensiyang kinakailangan nilang matutuhan.

Sinabi nga ni Jon Henry B. Ordoñez ng Central Luzon Doctors' Hospital — Educational Institution, mas lalong nasukat ngayon ang kapasidad niya bilang isang guro [22]. Hindi dahil sa pagod na dulot ng araw-araw na pagtatama sa mga bata, kundi sa pagpapaliwanag sa kanila kung ano pa ba ang maituturing na tama. Pahayag din ni Domingo, bayaning maituturing ang mga guro mula noon hanggang ngayon sa bawat pagbabago sa sistema ng edukasyon [23]. Binago ng pandemya ang kabayanihan sa loob ng klasrum, dinala ang bayaning guro sa espasyo ng *cyber*.

B. Modular Distance Learning (MDL)

Marami-rami rin ang kinakaharap na hamon ng mga guro sa MDL. Subalit kailangan nila itong harapin para lamang maipabatid nila ang kanilang layunin.

Hindi available ang printed materials

Isa sa mga naging suliranin ng mga guro bago at habang nagpapatuloy ang pasukan ay ang kakulangan ng mga *printed material*. Sinabi ng mga nakapanayam na guro na lahat ng mga modyul na ginamit nila sa unang markahan, sila ang nag-imprensa dahil *soft copy* lamang ang ipinadala mula sa rehiyon at ang mga guro na ang naatasang mag-imprensa. May mga paaralan naman na kumuha na lang ng pribadong mag-imprensa ng kanilang gagamiting modyul.

Marami ang pagtatalo ng mga edukador kung kailangan pa nga ba talaga ng mga *printed materials* sa *distance learning* sapagkat kanila itong pinaniniwalaan na ang *distance learning materials* ay napakahalaga sa pagtuturo sa MDL na paraan. Ayon nga kay Fung, sa

kabila ng pagdidiin sa *online* na pagkatuto, ang *printed materials* ay mahalaga pa ring paraan para ipaabot ang pagbabahagi ng pagkatuto sa *distance education learning* at pinaniniwalaan na ang *distance learning material* ay may pansariling instruksiyon at interaktibo sa gagamit nito [24].

Kakulangan ng resources para sa pag-print ng modyul

Ang kakulangan ng mapagkukuhanan para sa gastusin sa pag-print ng mga modyul ay isa rin sa naging sagabal para maisakatuparan ang layunin ng MDL. Ang pinagkukuhanan ng pera ng bawat paaralan, halimbawa nito ay ang MOE, ay wala na o kung mayroon man ay hindi na sapat dahil nakalaan ito para sa iba pang gastusin sa kani-kaniyang paaralan. Personal na ginagamit na lamang ng mga guro ang kanilang laptop at personal ding bumili ng *coupon bond* at tinta (ink) para maisagawa ang pag-print ng mga modyul. Kailangang umisip ng paraan o kaya ay dumiskarte para kahit paano ay matugunan ang mga gastusin sa materyal.

Samantala, ang ganitong sitwasyon at suliranin ay hindi lamang dito sa mga paaralan sa Sorsogon naranasan kundi maging sa ibang lugar. Patunay dito ang pahayag ng City Schools Division Superintendent ng Puerto Princesa na si Servillano Arzaga sa ulat ni Dela Cruz, na hindi sapat ang MOE ng bawat eskuwelahan kung kaya't ang ilang mga guro ay naghahanap ng donasyon. Hindi natin masisi rito ang mga guro [25]. Ang kanilang tanggapan din ay humihingi ng tulong sa pamahalaang lokal, kaya lang pasuwertehan kung may maibibigay kung kaya't nagso-solicit ang mga guro.

Dagdag na oras sa paghahanda ng materyal

Ito ay naging hamon sa mga guro dahil dalawang linggo na lamang bago ang pagbubukas ng klase ay wala pa ring *printed* na mga materyal na ipamimigay sa mga mag-aaral. Sa sitwasyong iyon, nagkaroon ng pagpupulong sa patnubay ng punongguro at koordinaytor na kailangang sikaping makapaghanda ng mga dahon ng gawain basta tugma o nakasunod sa mga kasanayan. May pagkakataon na ang mga kasanayang pampagkatuto na binawasan, pinagsama ang magkakaugnay upang mapaiksi at mapagkasya sa loob ng walong linggo. Suliranin din ng ibang paaralan ang signal kaya't may mga pagkakataong mas pinipili ng bawat isa ang *work from home scheme* para makakonek sa internet na kailangan sa pagbuo ng materyal dahil

kulang na kulang ang mga aklat at mga sanggunian na maaaring pagkuhanan ng impormasyon.

May pagkakataong nag-o-overtime din dahil minsan hindi natatapos ang printing sa paaralan dahil sa kakulangan sa *printer* kaya't iniuuwi ang hindi natapos na gawain at ginagamit ang personal na *printer*. May mga pagkakataon din na ang natanggap na modyul at dahon ng gawain ay hindi tugma sa kasanayan ng mag-aaral kaya't kailangan makipag-ugnayan sa kanila nang madalas at gumawa pa ng iba gawain na akma sa kanilang kasanayan. Batay sa naging karanasan ng mga naging respondent sa pag-aaral na ito, hindi biro ang sakripisyo upang matamo ang may kalidad na edukasyon. Ang dedikasyon, talino, talento ng bawat isa ang naging sandigan upang makasabay sa bagong normal na pag-aaral.

Hindi pagkuha at pagbalik ng modyul sa tamang oras

Unang sinubukan ng mga paaralan na sa bawat barangay ang pamumudmod ng modyul ngunit para sa siguridad ay ibinalik ito sa paaralan. Gumawa ang paraalan ng talatakdaan kung kailan ibabahagi at ibabalik ang modyul. Ibibigay ang modyul sa nakatakdang araw tuwing Miyerkules ng umaga. Bago pa man ang araw ng Miyerkules ay kailangan ng maibigay ang sipi ng modyul sa tagapayo ng klaseng hawak ng guro. Ito ay madali lamang gawin sapagkat handa na ang mga materyal na ibibigay. Ang nagiging hamon lamang ay hindi naibabalik sa tamang araw at oras ang mga modyul na sinagutan ng mga mag-aaral. Dahil dito nahuhuli itong naiwawasto at huli na rin sa pagbibigay ng fidbak. May ilan ring pagkakataon na may mga mag-aaral na hindi nakakuha ng modyul sa tinakdang oras kaya nagiging hamon muli sa guro kung paano magbibigay ng pagtataya sa mag-aaral. Nagpapatong-patong ang mga sasagutang modyul kaya't minsan hindi ito natatapos sa tamang oras.

Risky para sa home visitation na ginagawa

Sa patuloy na pagtaas ng kaso ng mga nagpopositibo sa covid-19, naging mapanganib para sa kalusugan hindi lang ng mga guro, mag-aaral at magulang kundi sa lahat ng taong kabilang sa komunidad ng paaralan ang home visitation. Ang home visitation ay mahalaga para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng gabay ng mga guro sa kanilang mental at emosyonal na aspeto bilang isang mag-aaral. Sa pamamagitan ng *home visitation* sa mga mag-aaral, natutugunan ng guro kung ano ang mga kakulangan at kahirapan ng MDL sapagkat may mga pagkakataon na

ang guro sa bahay na kanilang mga magulang ay maaaring hirap din sa pag-unawa ng mga kasanayan sa pagkatuto. Ngunit dala ng panganib, may mga pagkakataon na nilimitahan o pinagbawal muna ang pagbisita sa bahay ng mga mag-aaral upang masiguro ang kalusugan at kaligtasan ng bawat isa dahil sa patuloy na pagtaas ng kaso ng covid-19. Gayon din hirap tukuyin kung sino o kanino nagsimula ang nasabing virus.

May susing sagot (answers key)

Lahat ng gurong naging kalahok sa pag-aaral na ito ay nagsabing ang mga natanggap nilang modyul sa unang markahan ay may kasamang sagot sa likurang bahagi. Ang ibang sagot ay nakabaliktad ang pagkakalagay upang hindi agad mabasa ng mag-aaral, at ang ilan naman ay nasa wastong ayos.

Ang ganitong sitwasyon ay nagdulot ng mga agam-agam, kalituhan, at katanungan sa mga guro. May mga guro ang kontra sa paglalagay ng mga susing sagot, mayroon namang pabor na lagyan nito. Para sa mga gurong tutol sa paglalagay nito, ito ay magdudulot ng negatibong resulta. Ayon sa kanila, tinuturuan nito ang mga mag-aaral na maging tamad sapagkat alam nilang naroon na ang sagot kung kaya't hindi na sila mag-aaral at kokopyahin na lamang ang mga ito, dahil dito hindi masusukat ng mga guro kung talaga bang may natutuhan ang mga mag-aaral, at kung tunay bang ang mga sagot nila ay batay sa kanilang sariling pagkakaunawa. Dahil sa mga ito, inalis ang susi sa pagwawasto ng ilang mga gurong kontra sa paglalagay nito, sapagkat ayon sa kanila gusto nilang masigurong talagang nag-aaral ang mga mag-aaral.

Ayon sa kanila, bago pa man ang pagsisimula ng pasukan ay kanilang pinulong ang mga magulang at ipinaliwanag sa kanila kung bakit may kasamang susi sa pagwawasto ang ipamamahaging modyul, at binigyan nila ng gabay ang mga ito kung ano ang kanilang gagawin bilang mga tagagabay sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa bahay ngayong bagong normal na edukasyon. Tulong din sa mga magulang ang susi sa pagwawasto sapagkat mas madali nilang makikita kung tama ba ang sagot ng kanilang anak o kailangan pang paunlarin. Hindi rin sila nangangamba kung dayain man ng mag-aaral ang mga sagot nito dahil ayon sa DepEd Order #31,s. 2020 o ang tinatawag na *Interim Guidelines for Assessment and Grading In Light of the Basic Education Learning Continuity Plan*, ang mga guro ang magbibigay ng minimum na apat ng lagumang pagsusulit kung saan ito ang isa sa maaaring pagbatayan ng guro sa pagmamarka, at ang mga sagot ng mag-aaral

sa modyul ay magiging batayan lamang ng mga guro kung ano ang alam at hindi pa alam ng mag-aaral at upang makagawa sila ng interbensiyon [26].

Ayon naman kay Diosdado San Antonio, Education Undersecretary, batay sa isinulat na akda ni Magsambol, itong *distance learning* ay pinakatamang panahon para turuan ng mga magulang ang kanilang anak na maging matapat [27]. Isa nang magiging daan para rito ay ang pagsagot ng mag-aaral sa modyul nang hindi kinikopya ang nakalagay na susing sagot.

Binanggit nga ni Delgado, sa kaniyang akdang *The Importance of Parental Involvement in Teaching*, na batay sa mga eksperto, ang pinakamagandang sukatan ng pagtatagumpay ng mag-aaral ay sa kung gaano kalawak ang suporta ng pamilya sa kanilang edukasyon, dahil kapag ramdam ito ng mga mag-aaral ay higit silang nagiging pursigido sa pag-aaral [28].

Pagwawasto ng maraming modyul

Mas marami ang ginagawa ng mga guro ngayong panahon kaysa noong normal pa lahat ang sitwasyon. Isa na rito ay ang pagwawasto ng mga sagot ng mag-aaral. Noon ay katuwang ng guro ang mag-aaral sa pagwawasto sapagkat pagkatapos ng gawain o ng pagsusulit ay agad itong iwinawasto upang makita ng mag-aaral kung saan sila nagkamali at upang agad na mabigyan ng guro ng interbensiyon ang bahaging nagbigay ng kalituhan, o hindi pa mataas ang kaalaman ng mag-aaral.

Malayong-malayo ito sa kasalukuyang sitwasyon, lahat ng papel ng mag-aaral ay guro ang nagwawasto. Ang mga guro sa paaralang tanging *printed modular learning modality* ang ginagamit na paraan ng paghahatid ng kaalaman ay natatambakan ng iwwastong papel dahil sa hindi nila ito agad iwinawasto sapagkat kailangan muna itong idisinfekt gamit ang araw gaya ng iminungkahi ng kalihim ng edukasyon na pagdidisinfekt sa mga modyul ng mag-aaral.

Maliban sa hindi agad nawawasto ay hindi lang isang pangkat ng mag-aaral ang kanilang hawak. Halimbawa rito ang isang guro na nakapanayam ng mga mananaliksik na nagtuturo ng aassignaturang Araling Panlipunan sa isang pampublikong paaralan sa Lungsod Sorsogon. Ayon sa kaniya, hindi lamang anim na seksiyon ang hawak niya kundi siyam, bawat seksiyon ay binubuo ng mahigit 40 mag-aaral, kung pagsasama-samahin ang mga papel nito ay hindi talaga biro ang kaniyang iwwawasto. Dagdag pa niya, bawat linggo ay nagsasauli ang magulang ng mga awtput ng mag-aaral, hindi pa man siya natatapos sa pagwawasto ay may

panibago na namang mga papel. Upang matapos ang pagwawasto sa mga ito, dinadala niya ito sa kanilang bahay upang kahit gabi at sa araw ng Sabado at Linggo ay mabigyan niya ito ng oras. Sinabi rin niya na isa pang dahilan kung bakit hindi niya ito natatapos gawin mula Lunes hanggang Biyernes ay dahil sa gumagawa rin siya ng gawaing pampagkatuto para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng interbensiyon kasabay ng pag-iimprenta ng kasunod na gawaing pampagkatuto na ibibigay sa mga mag-aaral.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Natuklasan na sa isinagawang implementasyon ng Online Distance Learning (ODL) at Modular Distance Learning (MDL) na iba-iba ang mga naging karanasan ng mga guro sa pagtuturo gamit ang ODL at MDL. Malaki ang naging epekto sa pagtuturo ng kanilang mga naging karanasan habang ginamit ang learning modalities na ODL at MDL. Sa ODL, naging hamon sa kanilang pagtuturo ang hirap umangkop sa pagbabago, teknikal isyu, literasi sa kompyuter, pamamahala ng oras, at pagganyak sa sarili samantalang sa MDL ang mga hamon ay hindi o walang *printed materials*, kakulangan ng *resources* para sa pag-print ng modyul, dagdag na oras sa paghahanda ng materyal, hindi pagkuha at pagbalik ng modyul sa tamang oras, *risky* para sa *home visitation* na ginagawa, mayroon ng *answers key*, at pagwawasto ng maraming modyul.

Inirerekomenda na kinakailangan pa rin ang masigasig na pagsasanay sa mga gurong nagtuturo gamit ang iba't ibang *modalities* nang sa gayon ay hindi sila mahirapan sa kanilang pagtuturo at maibigay nila ang dapat na maituro sa kanilang mga mag-aaral. Patuloy na itaguyod ang kalagayan ng mga guro sa pamamagitan ng suporta at pag-unawa mula sa administrasyon na paaralan at lalo't higit sa pamahalaan. Kinakailangang maglaan ng malaking pondo ang pamahalaan nasyonal at lokal sa pagbili ng mga desktop, laptop at *mobile devices* para sa mga mag-aaral at guro. Maglaan din ng pondo para sa pagsasanay ng mga guro para pagsamahin ang edukasyon at pagkagiliw sa pagdidisenyo ng mga programa sa *online* at *modular learning*.

SANGGUNIAN

[1] Aguilar, Krissy. August 14, 2020. *DepEd moves opening of classes to October 5*. <https://newsinfo.inquirer.net/1321659/dep-ed-opening-of-classes-public-schools-moved-to-october-5>. September 25, 2020.

- [2] Llego, Mark Anthony. 2021. *DepEd learning delivery modalities for school year 2021-2022*. <https://www.teacherph.com/dep-ed-learning-delivery-modalities/for-school-year-2020-2021>.
- [3] DepEd Philippines. July 2, 2020. <https://www.m.facebook.com>posts> Alamin ang Iba't ibang learning delivery.....-
- [4] Vercide, Jhoemz. May 29, 2020. *Online classes: epektibo ng aba para matuloy ang pasukan?* <https://thelookout.com.ph>article>
- [5] Loveless, Becton (2020). *Distance learning the ultimate guide to online learning*. www.educationcorner.com>
- [6] DepEd Order 12, s. 2020 o *Adoption of the Basic Education Learning Continuity Plan for School Year 2020-2021 in the Light of the COVID-19 Public Health Emergency*
- [7] Mean-Chin. October 11, 2020. *Students' new normal: Modular Distance Learning* www.uniquephilippines.com>
- [8] Datu, Dennis. June 16, 2020. ABS-CBN News. *Mga guro ibinahagi ng hamon ng distance learning sa Mangyan community*. <https://news.abs-cbn.com/news/06/16/20/mga-guro-ibinahagi-ang-hamon-ng-distance-learning-sa-Mangyan-community>
- [9] Malipot, Merlina Hernando. July 30, 2020. *Parents prefer modular learning for their children this school year, DepEd survey finds out*. <https://mb.com.ph/2020/07/30parents-prefer-modular-learning-for-their-children-this-school-year-deped-surveys-finds-out/>
- [10] Bornt, Daniel. Aug. 22, 2011. *Instructional Design Models, Theories & Methodology: Moore's Theory of Transactional Distance* <https://k3hamilton.com>LTech>
- [11] Longcop, N. (2015). *Development of Multi-Media-Based Modules in K-12 Asian Studies*. (Master's Thesis) Philippine Normal University, Manila.
- [12] Opina, A. (2014) *The Development and Validation of Online Learning Module for College English* (Unpublished Dissertation). Centro Escolar University, Manila
- [13] Patrop PH. ABS-CBN News. May 27, 2020. *Alamin: mga alternatibong paraan ng pag-aaral isinulong ng DepEd*. <https://news.abs-cbn.com/news/05/27/20/alamin-mga-alternatibong-paraan-ng-pag-aaral-na-isinulong-ng-Deped>
- [14] Astillero, Analiza P. December, 2020. *Ang guro sa harap ng pandemya*. www.depedmasbatecity.com

- [15] Patrop PH. ABS-CBN News. April 30, 2019. '8 sa 10 batang Pinoy mas pinipili ang internet kaysa TV. <https://news.abs-cbn.com/news/04/30/198-sa-10-batang-pino-mas-pinipili-ang-internet-kaysa-tv>
- [16] DILG 2020. *DILG-inatasan -ang-mga-LGUS-natulangang-masanay-ang-mga-public-schools-sa-new-normal/NC-2020-1222*. <https://dilg.gov.ph/news/>
- [17] Gunigundo, Magi. May 10, 2020, Sunday. *Online learning sa new normal ng edukasyon* <https://archive.journal.com.ph/editorial/opinion/online-learning-sa-new-normal-ng-edukasyon>
- [18] Kaufman, Trynia. 2020. *4 Best Practices for Distance Learning to Support Students Who Learn and Think Differently* <https://www.common sense.org/education/articles/4-best-practices-for-distance-learning-to-support-students-who-learn-and-think-differently>
- [19] Pilipinas Star Ngayon. May 22, 2017. *Internet Report: Pinas pinakamabagal sa buong mundo*. <https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2017/05/22/1702511/internet-report-pinas-pinakamabagal-sa-buong-mundo>
- [20] Patrop PH. July 28, 2020. *Ilang lumahok sa online learning simulation nakaranas ng mabagal na internet connection*. <https://news.abs-cbn.com/news/07/28/20/ilang-lumahok-sa-online-learning-simulation-nakaranas-ng-mabagal-na-internet-connection>
- [21] Paunan, Jerome Carlo R. October 6, 2020. *Pagsusuri sa karanasan ng mga guro upang lalong mapaingting ang distance learning, hinimok* <https://manilatoday.net/karanasang-online-sa-pagtuturo-at-hamon-sa-mga-bayani-ng-klasrum/>
- [22] Jon Henry B. Ordoñez, Oct 5, 2020) *Ang Guro sa Bagong Normal Online Poll mula sa Vox Populi PH*, <https://medium.com/vox-populi-ph/ang-guro-sa-bagong-normal-c06e6d5e0591>
- [23] Domingo, Efren J. Aug 26. 2020. *Karanasang online sa pagtuturo hamon sa mga bayani ng klasrum* <https://manilatoday.net/karanasang-online-sa-pagtuturo-at-hamon-sa-mga-bayani-ng-klasrum/>
- [24] Fung, Yvonne, Y. H. Jan. 23, 2007. *Teacher's views on use of printed materials in a distance language teacher education core*. School of Educational Languages. The Open University of Hongkong. <https://www.tandfonline.com>abs>. Open Learning: The Journal of open distance and e-learning
- [25] Dela Cruz, Cris. August 17, 2020. *Mga guro ng Puerto Princesa humihingi ng donasyon dahil sa kakulangan ng pondo-DepEd* <https://palawandailynews.com/education/mga-guro-ng-puerto-prinsesa-humihingi-ng-donasyon-dahil-sa-kakulangan-ng-pondo-deped/>
- [26] DepEd Order #31 s. 2020 *Interim Guidelines for Assessment and Grading in Light of the Basic Education Learning Continuity Plan*
- [27] Magsambol, Bonz. Aug 10, 2020. *Distance learning is 'perfect time' to teach students honesty*. <https://www.rappler.com/nation/depEd/says-distance-learning-perfect-time-to-teach-students-honesty>
- [28] Delgado . 2019. *The importance of parental involvement in teaching*. <https://observatory.tec.mx/edu-news/the-importance-of-parental-involvement-in-teaching>

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).